PAMUMUHAY NANG MAY PARALYSIS

# Pagkilos at Transisyon sa Kolehiyo Habang May Kapansanan



CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION

TODAY'S CARE. TOMORROW'S CURE.®

Unang Lathala 2020

Ang gabay na ito ay inihanda batay sa siyentipiko at propesyonal na mga lathala. Ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon; ito ay hindi dapatituring na isang medikal na diagnosis o payo sa pagpapagamot. Mangyaring makipagkonsulta sa isang doktor o sa naaangkop na provider sa pangangalaga ng kalusugan para sa mga tanong na tiyak sa inyong situwasyon.

Mga Pagpapasalamat:

Sinulat ni Annie Tulkin, MS
Founder at Director, Accessible College

Ginawa nina Sheila Fitzgibbon at Bernadette Mauro
Litrato ng Cover: Taylor Price, Georgetown University ’10 and ’12 at
Georgetown University President John J. DeGioia

---

**Christopher & Dana Reeve Foundation**

636 Morris Turnpike, Suite 3A
Short Hills, NJ 07078
(800) 539-7309 toll free
(973) 379-2690 phone
ChristopherReeve.org

©2020 Christopher & Dana Reeve Foundation

PAMUMUHAY NANG MAY PARALYSIS

# Pagkilos at Transisyon sa Kolehiyo Habang May Kapansanan


Introduksyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1

Suporta sa Sarili . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 2

Paano Maghanda: Ang Tungkulin ng Rehabilitation Center . . . 6

Paano Maghanda: Ang Tungkulin ng High School . . . . . . . 7

Paano Maghanda: Ang Tungkulin ng Vocational Rehabilitation . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 11

Napinsala Habang Nasa High School o College . . . . . . . .12

Pagpili ng Kolehiyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .14

Ang Disability Support Office ng Kolehiyo at Ano ang Inihahandog Nito . . . . . . . . . . . . . . . . . . .18

Mga accommodation . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 20

Mga Tumutulong para sa Personal na Pag-aalaga . . . . . . 24

Mga Aktibidad na Panlibang at Mga Event sa Campus . . . 27

Mga Pinagkukuhanan ng Tulong at Impormasyon . . . . . . .31


CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION

TODAY'S CARE. TOMORROW'S CURE.®

## Introduksyon

Ang mga estudyante na may paralysis at mga kahinaan sa pagkilos ay maaaring magtanong tulad ng kanilang mga kasamahan na walang kapansanan kapag ikinokonsidera ang mga kolehiyo (mga academic, kultura sa campus, pinansiyal na tulong, mga serbisyo), at mayroon rin silang bukod-tanging pangkat ng mga konsiderasyon na dapat isaalang-alang, kasama na ang pisikal na accessibility, access sa pag-aalaga, at mga accommodation. Ipinapahiwatig sa data na humigit-kumulang sa 19% ng mga estudyante sa kolehiyo sa Estados Unidos ay mga estudyante na may kapansanan[1]. Ang numerong ito ay kinabibilangan ng: mga kapansanan sa pag-aaral o matuto, ADD, mga kondisyon ng kalusugang pangkaisipan, mga chronic na kondisyong pangkalusugan, at mga pisikal na kapansanan. Dagdag pa dito, humigit-kumulang sa 7% ng mga estudyante ng kolehiyo na nag-ulat na mayroon silang kapansanan ay nagpahiwatig na may pisikal silang kapansanan/kahinaan sa pagkilos[2]. Kahit na hinihiling sa mga kolehiyo sa ilalim ng pederal na batas na i-accommodate ang mga estudyanteng may kapansanan, ang pagpapatupad ng mga accommodation ay iba-iba batay sa bawat kolehiyo. Ang layunin ng lathalang ito ay magbigay ng gabay at suporta para sa mga batang adult na may paralysis at mga kahinaan sa pagkilos habang sila ay naghahanda na mag-transisyon sa kolehiyo.

### Background: Mga Pederal na Batas — Section 504, IDEA, at ADA

Mahalagang unawain ang mga pagkakaiba sa mga batas at pamahalaan ang K-12 na edukasyon at kolehiyo. Mayroong tatlong pangunahing mga batas na dapat kilala ng mga estudyante at pamilya. Ang una ay ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA). Ito ay isang batas na namamahala sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa K-12 setting para sa mga estudyante na may kapansanan ay nagbibigay ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon at mga serbisyo. Ang mga estudyante na nakakatanggap ng mga accommodation sa ilalim ng IDEA, na karaniwang may "IEP" (Individualized Education Program) na bumabalangkas sa kanilang mga accommodation at serbisyo.

#### Mga acronym

**ADA:** Americans with Disabilities Act
**DSO:** Disability Support Office
**FERPA:** Federal Educational Rights and Privacy Act
**IDEA:** Individuals with Disabilities Education Act
**IEP:** Individualized Education Program
**OT:** Occupational Therapist
**PCA:** Personal Care Attendant
**PT:** Physical Therapist
**SSI:** Supplemental Security Income
**SSDI:** Social Security Disability Insurance
**VR:** Vocational Rehabilitation

1. U.S. Department of Education, National Center for Education Statistics. (2019). Digest of Education Statistics, 2017 (2018-070).
2. Raue, K., and Lewis, L. (2011). Students with Disabilities at Degree-Granting Postsecondary Institutions (NCES 2011–018). U.S. Department of Education, National Center for Education Statistics. Washington, DC: U.S. Government Printing Office.

Ang susunod na batas sa Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973 (Section 504). Ito ay nagbibigay ng proteksyon laban sa diskriminasyon batay sa kapansanan at naaangkop sa parehong high school at mga kolehiyo. Ang mga estudyante ng K-12 na nakakatanggap ng mga accommodation sa ilalim ng Section 504 ay maaaring may "504 Plan". Ito ay isang plan na nagbabalangkas sa mga accommodation na natatanggap ng estudyante. Ginagamit rin ang Section 504 sa college setting, gayunman, ang 504 Plan ng estudyante mula sa K-12 na kapaligiran ay maaaring di direktang malipat sa kolehiyo na setting batay sa mga uri ng accommodation na handog ng kolehiyo. Mahalagang tandaan na ang mga pribadong paaralan ay kailangang sumunod sa Section 504 at alisin ang mga hadlang sa edukasyon, pero ang mga pribadong paaralan ay hindi kailangang magbigay ng mga accommodation at serbisyo sa ilalim ng IDEA, tulad ng mga kasama sa isang IEP.

Sa isang kolehiyong setting, ang IDEA ay hindi na isang naaangkop na batas. Ang mga kolehiyo ay nagkakaloob ng "makatarungang accommodation" para sa mga estudyante na may kapansanan tulad ng tiniyak ng Americans with Disabilities Act (ADA) at proteksyon mula sa diskriminasyon tulad nang naibalangkas sa Section 504. Ang isang malaking pagkakaiba sa pagitan ng high school at kolehiyo ay kailangan maging bahagi ang estudyante sa "interactive na proseso" sa kolehiyo at sila ang magre-request ng sarili nilang mga accommodation, habang sa K-12 na setting, ang mga magulang ay karaniwang nagsusuporta at naghihikayat sa mga talakayan at request. Ang mga magulang ay wala nang tungkulin sa proseso ng mga accommodation sa sandaling ang estudyante ay natanggap na sa kolehiyo.

## SUPORTA SA SARILI

Maraming mga estudyante at magulang ang hindi handa sa mga pagbabago na nagaganap sa pag-access ng mga suporta para sa kapansanan at mga serbisyo sa kolehiyo dahil may malaking pagbabago sa tungkulin at responsibilidad ng estudyante. Heto ang ilang mga pangunahing pagkakaiba:

**High School:** Ang high school ang nangunguna sa pag-aayos ng mga accommodation. Halimbawa, kung may extra na oras ang estudyante para sa mga pagsusulit, alam ng paaralan at dapat gawin ang mga naaangkop na kaayusan.

**Kolehiyo:** Ang estudyante ay kailangang sumali sa "interactive na proseso" at mag-request ng mga accommodation. Hinihiling ng interactive na proseso mula sa estudyante na makatugon sa isang counselor sa Disability Support Office (DSO) at magbigay ng dokumento ng kondisyon ng kapansanan/kalusugan. Halimbawa: Kung kailangan ng estudyante ang extra na oras sa mga pagsusulit, ang karamihang mga kolehiyo ay may proseso para mag-request na kumuha ng eksaminasyon na may dagdag na oras sa isang testing center na karaniwang kinabibilangan ng pagsasagawa ng request ng kahit man lang pitong araw bago ang eksaminasyon.

**High School:** Nakikilala ng mga guro kapag kailangan ng estudyante ang suporta. Maaaring makipag-ugnayan ang mga guro sa mga magulang at makipagpalitan ng impormasyon.

> **Kung mayroon akong natutunan sa aking karanasan sa kolehiyo, ito ay ang pagsusuporta sa aking sarili."**
>
> ***-Ian Malesiewski***
>
> *https://www.ChristopherReeve.org/blog/life-after-paralysis/college-during-the-coronavirus*

**Kolehiyo:** Ang estudyante ay kailangang proactive sa paghahanap ng suporta sa pamamagitan ng pagpunta kapag oras ng trabaho, pagkuha ng mga tutor, at pakinabangan ang mga serbisyo na inihahandog ng kolehiyo. Dagdag pa dito, ang mga professor at administator ay pinagbabawalan sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA), isang pederal na batas, na hinahadlangan ang tauhan ng unibersidad na mamahagi ng impormasyon tulad ng mga grade, schedule ng klase, at pandisiplinang kilos, sa mga magulang. Ang mga estudyante at pamilya na piniling pahintulutan ang mga magulang para ma-access ang impormasyong ito ay kailangang lumagda sa isang release form, na karaniwang nasa Registrar ng kolehiyo.

Ang mga estudyante at magulang ay madalas na nabibigla sa pagbabagong ito. Mahalagang simulang pag-usapan ang transisyon na ito habang maaga pa kasama ng estudyante, at simulang hayaan sila na makapag-develop ng independiyenteng pamumuhay at mga kakayahan para masuportahan ang sarili.

## Mga Mahahalagang Kakayahan

Kailangang mabisang matukoy ng mga estudyante ang kanilang mga pangangailangan at talakayin ang kanilang kapansanan kapag sila ay nasa kolehiyo. Ang pagsuporta sa sarili, ang kakayahan na maunawaan at masabi ang mga pangangailangan ng isang tao, ay mahalaga. Ang mga ito ay mahahalagang kakayahan para masuportahan ang sarili na kailangan ng estudyante para matulungan sila sa isang matagumpay na transisyon:

- Kaalaman ng kanilang kapansanan
  - Mapapangalanan at mailalarawan ang kanilang (mga) kondisyon
- Unawain kung paano sila naaapektuhan ng kanilang kapansanan
  - Kayang talakayin kung paano nakaka-epekto ang kanilang (mga) kapansanan sa kakayahan na makasali sa paaralan, sa pang-araw araw na pamumuhay, at mga programa.
- Alamin kung aling mga accommodation ang kailangan nila (academic, tirahan, transportasyon, may kinalaman sa programa)
  - Kilalanin ang kanilang mga "limitasyon sa paggana" at ikonsidera kung paano naaapektuhan ang bawat setting na maaaring maharap nila sa kolehiyo, at kilalanin ang mga accommodation na makakapagbigay ng suporta sa kanila.
- Kayang masabi ang kanilang mga pangangailangan
  - Kayang makilala kung kanino sila dapat makipag-usap at mabisang sabihin ang kanilang mga pangangailangan



- Unawain ang kanilang mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng batas
  - Ang pangkalahtang kaalaman at pag-uunawa ng Americans with Disabilities Act at Section 504, at ang pagpapatupad ng mga batas na ito sa kolehiyo na setting.

Mayroong mga paraan para suportahan ang mga estudyante sa pagde-develop ng mga kakayahan na ito. Una sa lahat, kung ang estudyante ay may IEP o 504 plan, isali ang estudyante sa mga meeting na may kaugnayan sa kanilang mga accommodation. Masusuportahan ng mga pamilya ang estudyante sa pag-aaral tungkol sa kanilang kapansanan at kanilang mga pangangailangan. Madalas, ang mga magulang ay makikipagtrabaho kasama ang mga counselor at therapist para tumulong sa area na ito, dahil ang mga estudyante ay maaaring mas madaling makaunawa bukod pa sa magulang. Ang karamihang mga estado ay may gabay ng suporta ng transisyon na matatagpuan online. Ang mga gabay na ito ay karaniwang bumabalangkas ung aling mga kakayahan ang magagamit ng estudyante habang nasa 9th-12th grade para suportahan ang matagumpay na transisyon.

Mahalagang makahanap ng mga paraan para mahayaan ang estudyante na itatag ang kanilang executive na tungkulin at independiyenteng mga kakayahan na mamuhay. Heto ang ilang mga ideya kung paano mapapalakas ang mga kakayahang ito kahit maaga pa lang:

## Mga Pakikipag-usap sa Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan:

- Maaaring mapanghamon ito para sa mga magulang na huwag makipag-usap ng direkta habang may mga medikal na appointment. Gayunman, kailangang matuto ang estudyante na magtanong at magsalita para sa kanilang sarili. Ito ay makakatulong sa estudyante na mapalakas ang kakayahang kumilos mag-isa at para masuportahan ang sarili. Para masanay na pahintulutan ang estudyante na makipag-usap kasama ang provider sa pangangalaga ng kalusugan, ang mga pamilya ay maaaring:

- Sabihin sa provider ng pangangalagang pangkalusugan na ipatungo ang mga tanong mismo sa estudyante para mapahusay ang kakayahan ng estudyante na bantayan ang kalusugan at ipagtanggol ang sarili.
- Hayaan na ang estudyante ang mamahala sa buong appointment ng mag-isa.
- Suportahan ang estudyante sa pamamagitan ng paglikha ng listahan ng mga tanong/ikinababahala bago ang bawat appointment.
- Mag-ensayo kung paano magaganap ang appointment kasama ng estudyante.

## Pamamahala sa Medikasyon:

- Habang ang mga estudyante ay independiyenteng sumusulong, kailangan nilang mapamahalaan ang sarili nilang medikasyon. Mahalaga para sa mga estudyante na magkaroon ng nakatakdang estudyante para mabantayan ang kanilang medikasyon. Ang mga system na iyon ay dapat ipatupad bago sila magpuntang kolehiyo. Para mahubog ang mga kakayahang ito, ang mga pamilya ay maaaring:
  - Tulungan ang isang estudyante sa pagtatakda ng isang medication management app o kalendaryo para suportahan ang estudyante sa pag-alam kung kailan dapat inumin o gamitin ang gamot at kung gaano karami at kailan sila dapat tumawag para sa refill. (Mangyaring tandaan na maraming apps ay may mapagpipilian kung saan masusubaybayan ng mga user kung ano ang nararamdaman nila sa gamot. Maaaring mapapakinabangan ang data na ito).
  - Bigyan ang estudyante ng isang pill box at magtiyak ng isang partikular na araw na mapupuno ang box na ito (tulad ng tuwing Linggo).

## Mga Appointment sa Pangangalaga ng Kalusugan:

- Nagsisimula ang mga pamilyang kumuha ng appointment sa doktor para sa kanilang anak ilang araw mula pa lang mula nang ipanganak ito! Maaaring mahirap na gawi itong mahinto, makalipas ang 18 o higit pang mga taon. Gayunman, ang mga magulang lumaon ay kailangang hayaan gawin ito mag-isa ng estudyante at sila mismo ang kumuha ng appointment. Para malipat ang responsibilidad na ito sa estudyante, ang mga pamilya ay maaaring:
  - Magbigay suporta sa mga estudyante sa pag-schedule ng sarili nilang mga appointment. Ang mga estudyante ay dapat may malay sa kanilang kalendaryo at mga pananagutan, at makakapag-schedule ng appointment mag-isa.
  - Tulungang gumawa ng script at mag-ensayo kung paano ang maaaring maganap kapag tinawagan.
  - Tiyakin na ang estudyante ay may mahahalagang impormasyon tungkol sa insurance na pangkalusugan na nasa lugar na madaling makuha.
  - Kung may umuulit na appointment ang estudyante, tiyakin na may nakatakdang sistema para masubaybayan at ma-schedule ang kanilang appointment. Ang apps at mga electronic na kalendaryo ay lubos na nakakatulong.

Mas makapag-ensayo ang mga estudyante sa pagsuporta sa sarili, sa executive na pagganap, mga kakayahan para mamuhay mag-isa habang sila ay may suporta sa bahay, mas magiging matagumpay sila sa pagpapatuloy sa kolehiyo.

## PAANO MAGHANDA: ANG TUNGKULIN NG REHABILITATION CENTER

Kung matagal na ang iyong paralysis habang papalapit na ang pagpasok mo sa kolehiyo, maaari mong ikonsidera ang outpatient rehabilitation para mapahusay ang iyong mga kakayahan sa pagkilos at pagiging independiyente sa pamumuhay. Ang mga kakayahan na ito ay kinabibilangan ng paglipat sa wheelchair, mga fine motor skills, core strengthening, at pagpapalakas ng stamina. Maaaring makatulong ito sa iyong maging mas handa na mamuhay ng mag-isa kapag nasa kolehiyo.

Para doon sa mga kamakailan lang napinsala o naparalisa, ang seksyong ito ay nagpapaliwanag sa mga tao kung sino ang makakatulong sa iyong makabalik o makapaghanda para sa kolehiyo. Tingnan ang mga tungkulin ng iba't ibang mga miyembro ng rehabilitation team at ikonsidera kung paano ka nila matutulungan sa iyong layunin na makabalik o makapasok sa kolehiyo. Tanungin sa rehabilitation center kung may tauhan silang maging tagapamagitan sa pakikipag-ugnayan sa mga paaralan. Karaniwan, ang taong ito ay may posisyon na "Education Coordinator," pero maaaring mag-iba sa bawat center.

### Ang Education Coordinator ay maaaring:

- Magbigay suporta sa estudyante na bumisita sa kolehiyo at i-ugnay sila sa Disability Support Office (DSO)
- Tulungan ang estudyate na kilalanin ang mga accommodation
- Magbigay ng gabay sa iba pang mga uri ng suporta na maaaring kailangan ng estudyante sa kolehiyo

Habang ang estudyante ay nasa rehabilitation, sila ay makikipagtrabaho kasama ng physical at occupational therapists (PT/OT).

### Ang PT/OT ay maaaring:

- Tiyakin ang "mga limitasyon sa pagkilos" ng estudyante
  - Makapag-develop ng listahan ng mga limitasyon sa pagkilos
  - Konsiderahin kung paano maaaring maapektuhan ang pagilos ng estudyante sa classroom at sa tirahan
  - Tulungan ang estudyante na alamin ang kanilang indibiduwal na mga pangangailangan sa suporta (care attendant, assistive technology, atbp.)
  - Bigyan ng dokumento ang estudyante na gagamitin nito kapag humiling ito ng mga accommodation.

Ang pakikipagtulungan sa isang team sa rehabilitation center ay makakatulong sa estudyanteng matiyak na mayroon silang nakatandang pinakamagandang sistema at suporta. Sa sandaling natanggap na ang estudyante sa kolehiyo, maaari rin nilang konsiderahin na makipag-ayos sa DSO ng kolehiyo at dalhin ang kanilang

OT sa campus para magsagawa ng on-site na evaluation kasama ang estudyante. Ito ay tiyak na makakatulong kung plano ng estudyante na tumira sa campus. Ang evaluation ay maaaring kumilala sa mga pagbabago at request na maaaring gawin sa DSO.

## PAANO MAGHANDA: ANG TUNGKULIN NG HIGH SCHOOL

Kapag ang estudyante ay nasa high school, may mga oportunidad na isali ang high school counselor at makipag-usap sa paghahanap ng kolehiyo at proseso ng pagpili. Gayunman, hindi lahat ng counselor sa high school ay may kagamitan para matulungan ang mga estudyante na may kapansanan sa katawan para matugunan ang kanilang mga tiyak na pangangailangan. Ang mga estudyante at pamilya ay kailangang maghanda para malikha ang kanilang sariling mga tanong at gawin ang sarili nilang pananaliksik.

Kung ang estudyante ay may IEP, ang pagplano ng transisyon ay magiging parte ng proseso ng IEP. Ito ay magiging kritikal para sa estudyante na sumali sa proseso ng IEP para mas maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at accommodation para maging mahusay ang kanilang suportang pansarili sa kolehiyo.

Kung ang estudyante ay may 504 plan, hindi sila makakatanggap ng serbisyo ng transisyon para suportahan sila sa paglipat sa kolehiyo. Ang mga estudyanteng may 504 plan ay kailangang maglaan ng oras at isipin ang mga uri ng suporta at accommodation sa transisyon na maaaring kailangan nila para mabuhay mag-isa at maging matagumpay sa kolehiyo.

### College Counselors/Independent College Consultants

Ang mga college counselor ay karaniwang mabuting mapagkukuhanan ng impormasyon sa iba't ibang inihahandog ng mga kolehiyo, at makakatulong silang makilala ang pinaka-angkop na pag-aaral para sa estudyante. Maaaring hindi sila masyado sanay sa mga isyu na may kaugnayan sa mga estudyante na may pisikal na kapansanan na lumilipat sa kolehiyo. Tanungin sa college counselor kung nakapagtrabaho na sila dati kasama ang mga estudyanteng may pisikal na kapansanan. Kung hindi, maaari nilang sabihin sa iyo ang iba pang mga consultant o mapagkukuhanan ng tulong o impormasyon. Maaaring piliin ng ilang mga pamilya na maghanap ng suporta at gabay mula sa isang independiyenteng college consultant. Ang mga independent na consultant ay makakapagbigay rin ng impormasyon sa iba't ibang mga paaralan at trabaho para makahanap ng angkop na kolehiyo.

### Mga College Fair

Ang mga estudyante ay maaaring may oportunidad na makasali sa mga college fair sa kanilang paaralan, sa kanilang school district, sa pumapalibot na area, o online. Ang mga college fair ay karaniwang nagho-host ng mga kinatawan para sa



college admissions. Ang mga fair ay karaniwang isinasagawa sa mga high school gymnasium o convention center. Kamakailan, mas maraming mga organisasyon at paaralan ang naghahandog ng mga online college fair kung saan ang mga estudyante ay maaaring makipag-ugnayan sa mga kinatawan para sa admissions mula sa iba't ibang mga kolehiyo sa isang virtual na setting.

Mga Dapat Tanungin Bago Lumahok sa isang College Fair:

- Ang lokasyon ba ng college fair ay accessible?
- May proseso ba sa pag-request ng isang accommodation kung kinakailangan?
- Kapag sumali sa isang virtual college fair, tanungin kung ang platform ay accessible para sa mga screen reader at speech-to-text software.

### Isang Sulat Tungkol sa College Admissions Staff:

Ang mga admission sa kolehiyo ay maaaring hindi malinaw sa mga pangangailangan ng mga estudyante na may kapansanan. Ang mga estudyante at pamilya ay dapat na handang magtanong sa admissions staff sa college fair. Gayunman, kung ang estudyante ay interesado sa isang partikular na paaralan na iyon, dapat mag-follow up ang estudyante at makipag-ugnayan sa DSO para makakuha ng tiyak na impormasyon na may kaugnayan sa mga serbisyo para sa kapansanan sa campus. Mahalagang tandaan na ang proseso ng pag-request ng mga accommodation sa kolehiyo ay hiwalay mula sa proseso ng admission sa kolehiyo. Ang admission staff ay hindi namamahagi ng impormasyon sa Disability Support Office at vice versa.

## Mga Tour ng Kolehiyo

Ang mga estudyanteng may paralysis at kahinaan sa pagkilos ay dapat sumubok at bumisita sa mga campus na interesado silang pasukan. Ito ay makapagbibigay ng higit na impormasyon sa estudyante kung gaano ka-accessible ang campus para sa kanila.

### 1. Makipag-ugnayan sa admissions office

- Tanungin kung ang admissions office ay accessible (hindi ito parating ibinibigay o sinasabi).
- Humingi ng mga tiyak na instruksyon kung paano pumasok sa gusali kung ang accessible entrance ay wala sa harapan ng gusali (karaniwan sa mga "makasaysayang" mga campus).

### 2. Tanungin kung accessible ang tour. Kung may mga tiyak na bagay na kailangan isaayos ng estudyante para ma-access ang our at ang mga materyal ng tour (sign language interpreter, audio system, malalaking print, mga electronic na kopya ng materyal, golf cart, atbp.) tiyakin na paunang i-request ang mga ito. Heto ang ilang mga halimbawa ng mga kailangan tanungin:

- Wheelchair accessible ba ang tour?
- Sanay ba ang tour guide para mag-ikot ikot sa mga accessible na ruta ng campus?
- Mapapadala mo ba ng pauna ang mga material ng tour sa electronic na paraan?
- May mga ipinapakita bang video bilang parte ng tour? Kung gayon, may caption ba ang mga ito?

### 3. Tanungin ang tungkol sa tagal ng tour

- Ang ilang mga campus ay medyo malaki at/o nakakalito ang lugar. Kung ang estudyante ay hindi gumagamit ng power device, kailangan nilang makapaghanda sa inaasahang tagal ng tour para matiyak na handa sila.

### 4. Kumuha ng appointment para makipagkita sa DSO

- Makipagkita sa isang counselor para matalakay ang proseso ng pag-request ng mga accommodation
- Hilingin na i-ugnay sa kasalukuyang mga estudyante na may pisikal na kapansanan.

**Tala: Ang mga unibersidad na nakakatanggap ng pederal na pagpopondo ay dapat umaalinsunod sa ADA. Gayunman, nag-iiba iba ang mga pagsunod, at ang ikinokonsidera na "umaalinsunod" ay maaaring di nakakatugon sa mga tiyak na pangangailangan ng estudyante.**

## Mga Virtual na Tour ng Kolehiyo

Maraming mga kolehiyo ang naghahandog ng mga virtual tour sa pamamagitan ng iba't ibang online na platform. Ang mga tour na ito ay naghahandog sa mga estudyante ng oportunidad na makatuklas ng mga paaralan na maaaring hindi nila mapuntahan at makita ng personal. Habang ang mga virtual tour ay nagpapalawak sa kakayahan ng estudyante na matuklasan ang mga paaralan habang komportableng nasa bahay lang, maaaring mahirap na makakuha ng impormasyon na may kaugnayan sa pisikal na accessibility, at para makakuha ng ideya kung paano nasusuportahan at nakakasali ang mga taong may kapansanan sa campus sa pamamagitan ng isang virtual na tour.

Sa kasamaang palad, ang mga virtual tour ay hindi parating nagpapakita kung paano maa-access ng mga estudyanteng may pisikal na kapansanan ang isang gusali, o ano ang mga feature ng accessibility na makikita (mga push button, mga tactile feature, o karatula). Nakikita ng mga dumadalo sa virtual tour ang unahan/looban ng gusali, pero maaaring ang accessible na entrance ay nasa tabi o likod ng gusali, at hindi tampok sa virtual tour. Kahit na kailangang umalinsunod ang mga kolehiyo sa ADA, may iba't ibang mga level ng pagsunod, na kung saan ang ilang mga paaralan ay nagsisikap na mahigitan pa ang pagsunod.

Kung ang estudyante ay interesado sa kolehiyo, at ang virtual tour ang nag-iisang opsyon lang, may ilang mga paraan para makakuha ng impormasyon na maaaring hanap nila ng hindi kinakailangang magpunta mismo sa campus.

- Makipag-ugnayan sa Disability Support Office at pag-usapan ang mga uri ng accommodation na hangad ng estudyante at ang suporta na nabibigay nila.
- Hilingin na ma-ugnay sa iba pang mga estudyante na may mga pisikal na kapansanan sa campus.
- Makipag-ugnayan sa Student Health Center at Student Counseling Center para tanungin ang mga uri ng serbisyo na inihahandog nila sa campus.



# PAANO MAGHANDA: TUNGKULIN NG VOCATIONAL REHABILITATION

Ang mga serbisyo ng rehabilitation ay available sa pamamagitan ng estado at tinatawag na mga serbisyo ng Vocational Rehabilitation (VR). Ang mga ahensya ng VR ng estado ay nakakatanggap ng mga pondo mula sa pederal na gobyerno dahil sa Rehabilitation Act of 1973, at pinamamahalaan ng Department of Education ang programa. Ang layunin ng VR program ay tasahin, planuhin, mag-develop, at magkaloob ng mga serbisyo sa mga taong karapat-dapat para sa VR para maihanda ang mga tatanggap ng higher education at trabaho. Makakatulong ang VR sa pagtatalaga ng trabaho, makakapagbigay ng suporta para mapataas ang pagiging independent at patas na maisama sa lugar ng trabaho at komunidad.

Para maging karapat-dapat para sa VR, ang mga estudyante ay dapat may kapansanan sa kaisipan, emosyonal o pag-aaral na matuturing na malaking hadlang sa trabaho o pag-access ng mas mataas na edukasyon. Dagdag dito, ang mga estudyante na nakakatanggap ng Supplemental Security Income (SSI) at/o Social Security Disability Insurance (SSDI) at/o kasali sila sa mga special education na programa, nakakatanggap ng mga accommodation sa paaralan, o may malubhang kondisyong pangkalusugan ay maaaring karapat-dapat. Mahalagang malaman na ang serbisyo ng VR ay ipinagkakaloob lang sa isang maliit na porsyento ng mga taong maaaring karapat-dapat. Dahil ang pagpopondo ay hindi available para mapaglingkuran lahat, ang mga estudyante na may pinakamalalang mga kapansanan ang binibigyang priyoridad. Ang bawat application sa pagiging karapat-dapat ay tinatasa batay sa bawat kaso.

Sa high school, ang mga estudyante na nakakatugon sa mga requirement sa pagiging karapat-dapat ay maaaring mag-request ng mga serbisyo ng VR. Maaaring mag-request ang mga pamilya na dumalo ang isang VR counselor sa IEP/504 na mga meeting. Ang pagsasali sa VR sa umpisa pa lang nga high school bilang parte ng proseso ng pagpaplano sa transisyon, ay maaaring mapakinabangan ng estudyante at sa ahensya ng VR ng estado, na maaaring mas mabuting mapoprotektahan ang pinagkukuhanan ng impormasyon at tulong at mga pangangailangan sa pagpopondo ng mga estudyanteng kailangan ng VR.

## Ano ang magagawa ng VR?

- Makipagtrabaho sa estudyante para matulungan sila na makahanap ng mga naaangkop na kolehiyo na angkop sa kanilang mga pangangailangan at mga propesyonal na layunin.
- Tulungan ang estudyante na kilalanin ang mga posibleng scholarship. Madalas, ito ay ginagawa ng may pakikipagtulungan sa counseling staff ng high school.
- Suportahan ang estudyante na makilala ang mga uri ng accommodation na maaaring gusto nilang i-request sa kolehiyo, at sa sandaling natanggap na ang estudyante, sila ay tutulong sa estudyante na maka-ugnayan ang Disability Support Office ng kolehiyo.
- Bigyan ang estudyante ng pinansiyal na tulong, assistive technology, at/o access sa mga tulong para sa pang-araw araw na pamumuhay.

# NAPINSALA HABANG NASA HIGH SCHOOL O COLLEGE

Maaaring mapanghamon para sa mga estudyante at pamilya na tiyakin kung ano ang pinakamabuting paraan para sumulong sa edukasyon kung ang estudyante ay napinsala habang high school o college. Ang muling pagpasok sa paaralan ay maaaring kakaiba para sa mga indibiduwal na estudyante. Maaaring gustong subukan at magpatuloy ng ilang mga estudyante na makasabay ang kanilang mga classmate, habang ang iba ay maaaring magpatuloy ng mas marahan.

Ang isang pangunahing factor na nakaka-apekto kung paano makakasulong ang estudyante sa kanilang edukasyon ay ang pisikal na kakayahan makalipas ang pinsala. Depende sa epekto ng pinsala, ang estudyante ay maaaring kailangang matuto o matuto muli ng:

- Mga aktibidad ng pang-araw araw na mga kakayahan
- Paano gamitin ang assistive technology (hal. text to speech software, note taking software/device, mga audio book, atbp.)
- Paano mag-navigate sa pisikal na kapaligiran ng paaralan gamit ang wheelchair/mobility device (mga classroom, access sa mga gusali, at mga banyo)

Para sa estudyante, mayroon rin mga social factor o implikasyon na gumagabay sa kanilang proseso ng pagdedesisyon. Maaaring gusto nilang maka-ugnayan at makasabay ang kanilang mga kasamahan. Ang takot na di makabilang sa lipunan ay totoong totoo sa mga estudyante, kaya't mahalaga na maging maunawain sa nais ng estudyante na makasabay ang kanilang mga kaibigan. Maaaring gustong makakonekta ng mga pamilya, counselor, o provider ng pangangalaga ng kalusugan para matalakay ang mga isyu na ito, at makakonsulta ang iba pang mga pamilya na nakaranas ng mga katulad na karanasan.

## Kung ang estudyante ay nasa high school:

Ang mga pamilya ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang paaralan at school district para matuklasan ang mga posibilidad. Dagdag pa dito, ang rehabilitation facility ay maaaring may ilang mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong na magagamit para masuportahan ang mga estudyante habang ikinokonsidera nila na bumalik sa high school. Maaaring gustong makipagtulungan ng mga pamilya sa counselor ng paaralan o special education coordinator para malaman kung aling mga accommodation at serbisyo ang mapagkakaloob ng paaralan. Mahalagang tandaan na ang mga pampublikong paaralan ay nagkakaloob ng mga accommodation at serbisyo sa ilalim ng IDEA at Section 504, at ang mga pribadong paaralan ay nagkakaloob lang ng accommodation sa ilalim ng Section 504 (hindi sila puwedeng makitungo ng may diskriminasyon sa isang estudyante na may kapansanan). Maaaring piliin ng mga estudyante na ganap na bumalik sa pagpasok sa paaralan, pagpasok muli pero mas kaunti ang mga klase, magpatuloy sa remote education at/o hybrid ng pambahay at pang-ospital na pag-aaral, o magpahinga muna. Kailangang makipagtrabaho ang mga pamilya sa kanialng paaralan o school district para makapagbigay ng dokumento at alamin ang pinakamabuting daan sa pagsulong.

## Kung ang estudyante ay nasa kolehiyo:

Kung ang isang estudyante ay napinsala habang nasa kolehiyo, mayroong ilang mga bagay para makakilos ng panandalian. Una sa lahat, ang estudyante at pamilya ay dapat makipag-ugnayan sa academic dean ng estudyante para masabi sa kanila ang tungkol sa pinsala at plano para sa rehabilitasyon. Depende sa punto ng semester na naganap ang pinsala at rehabilitation, maaaring piliin ng estudyante na umalis, o kumuha ng di kumpletong semester (na may kakayahan na makabawi sa kulang na trabaho sa hinaharap). Kapag handa nang bumalik sa pag-aaral ang estudyante, maaari nilang piliin na ganap na bumalik ulit sa pag-aaral (full-time), muling pumasok na may binawasang course load (binawasang mga oras ng credit), lumipat sa online na programa, kumuha ng mga kurso sa isang college/community college na malapit sa bahay na kung saan may layunin na makabalik sa dating paaralan, o magpahinga muna (withdraw). Sa sandaling nakapagpasya na ang estudyante na gusto nilang bumalik sa kolehiyo, dapat nilang makatrabaho ang rehabilitation center at mga provider sa pangangalaga ng kalusugan para malaman ang kanilang mga pangangailangan sa accommodation at makalikom ng mga dokumento. Tapos, dapat makipag-ugnayan ang estudyante sa DSO para mag-request ng mga accommodation (sumangguni sa "Mga Accommodation" na seksyon). Kung magpasya ang estudyante na gusto nilang magpunta sa kolehiyo ng part-time, maaaring kailangan nilang mag-request ng part-time na status bilang accommodation (hindi pinapahintulutan ng ilang mga programa sa kolehiyo ang part-time na status). Dagdag pa dito, ang part-time na status ay maaaring maka-apekto sa pinansiyal na tulong ng estudyante, kaya't maaari rin makipag-ugnayan ang estudyante sa financial aid office na nagsasagawa ng nasabing pagpapasya.



# PAGPILI NG KOLEHIYO

Kapag sinimulan ang proseso ng pagkikilala sa mga kolehiyo, ang mga estudyante ng high school ay karaniwang nakikipagtrabaho sa isang college counselor sa kanilang paaralan, o sa isang college consultant. Maraming mga estudyante ang nagsasagawa ng pananaliksik sa independiyenteng pamamaraan o kasama ng kanilang mga pamilya. Ang karamihan sa mga estudyante ay nag-uumpisa sa proseso ng pagkokonsidera ng kanilang mga interes. Sa sandaling alam na ng estudyante kung ano ang kanilang interes, maaaring humantong ito sa pagpapasya sa kurso na pag-aaralan o major. Maaaring ipagtabi-tabi ng mga estudyante ang mga kolehiyo na interesado sila sa pamamagitan ng pag-aalam kung ang isang kolehiyo ay may major na interesado sila. Dapat rin isipin ng mga estudyante kung paano nila nais matuto. Mas gusto ba nila ang hands-on o pananaliksik? Mga pagpapaliwanag sa klase o mga talakayan? Gawain ng maliit na grupo o pagsusulat ng paper? Maaaring tingnan ng mga estudyante ang website ng kolehiyo, magbasa ng mga deskripsyon ng kurso, tingnan ang mga review ng mga professor, at simulang pagpasyahan kung ang nasabing kolehiyo ay angkop para sa iyong pag-aaral. Dapat rin isaalang-alang ng mga estudyante ang average GPA at standardized na test score ng pinakahuling natanggap na klase. Ito ay makakatulong sa kanilang malaman kung makakapasok sila sa paaralan.

Ang pag-alam sa kultura ng campus ay isa pang mahalagang konsiderasyon sa lahat ng mga estudyante. Isipin kung gusto ng estudyante ang maliit o malaking campus, isinasaalang-alang average na laki ng klase, ang isang urban campus o ang campus sa bansa ay lahat mga factor na dapat isipin. Maraming mga estudyante ang gumagamit ng kanilang personal na interes, tulad ng sports, arts, o politika para matiyak kung ang kolehiyo ay mainam para sa kanila. Subukan at bumisita sa campus at makipag-usap sa kasalukuyang mga estudyante doon. Maaaring gusto rin ng mga estudyante ng magsagawa ng online na pananaliksik para malaman ang tungkol sa kultura sa campus, at basahin ang student newspaper.

Ang mga pananalapi ay isang ikinababahala ng maraming mga pamilya. Maraming mga kolehiyo ang naghahandog ng financial aid packages at mga scholarship na maaaring karapat-dapat ang mga estudyante. Ang mga estudyante at ang mga magulang nila ay kailangan makumpleto ang isang **Free Application for Federal Student Aid (FAFSA®) form** — na matatagpuan sa ***https://studentaid.gov*** — para makapag-apply para sa pinansiyal na tulong para sa kolehiyo o graduate school. Karamihan sa mga desisyon ng grant at scholarship ng binibigay ng kolehiyo ay batay sa mga resulta ng FAFSA. Mahalagang mag-apply ng maaga at alamin ang mga deadline. May mga scholarship na tiyak na available para sa mga estudyanteng may kapansanan, kasama ang mga tiyak na scholarship para sa mga estudyante na may paralysis at mga kahinaan sa pagkilos. Gayunman, mahalagang maging makatotohanan sa makakayanan ng pamilya para hindi sumailalim sa di makatuwirang laki ng utang. Ang mga state college at university ay maaaring mas mura kaysa sa pribadong kolehiyo pero maaaring mas maliit ang pinansiyal na tulong at donasyong pera na available. Mahalagang tuklasin ang lahat ng mga

opsyon. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon para sa pinansiyal na tulong , maaari kang magsampa ng apela para sa muling pagkokonsidera. Ang impormasyon kung paano magsumite ng isang financial aid appeal ay matatagpuan sa Swift/Student: *https://formswift.com/swift-student#whatsanappeal*.

> **Posible ba na pumasok dito sa paaralan na ito? Matutugunan ba ang lahat ng aking mga personal na pangangailangan?"**
>
> ***— Taylor Price***
>
> *https://www.ChristopherReeve.org/living-with-paralysis/for-parents/higher-education*

## Ang mga konsiderasyon para sa mga Estudyanteng may Paralysis at Kahinaan sa Pagkilos

Higit pa sa pangkalahatang konsiderasyon na naibalangkas sa itaas, ang mga estudyante na may paralysis at kahinaan sa pagkilos ay dapat humarap sa mga konsiderasyon na higit para sa maaaring iniisip ng kanilang mga walang kapansanan na kakayahan. Ang mga elemento na binalangkas sa ibaba ay nilalayon na magbigay gabay, at hindi pigilan ang isang estudyante na ikonsidera ang tiyak na kolehiyo. Ang mga item sa seksyon na ito ay tiyak na may kaugnayan sa mga isyu at ikinababahala ng mga estudyante na may paralysis at kahinaan sa pagkilos. Mahalagang tandaan na ang mga kolehiyo ay maaaring magkaloob ng suporta at/o mga accommodation para mapagaan ang ilang mga hamon na maaaring maharap ng estudyante. Kaya't parating mahalaga na maka-ugnayan ang Disability Support Office para makapagtanong bago magpasya kung ang estudyante ay gustong mag-apply o pumasok sa kolehiyo.

### Mga Pisikal na Kondisyon

Ang isang factor na maaaring mahalaga para sa ilang mga estudyante, ay ang mga pisikal na kondisyon sa campus. Kapag ang mga estudyante ay sumama sa tour, karaniwan silang bumibisita sa campus kapag spring o summer, pero hindi lamang dadalawa ang season! Dapat rin isipin ng mga estudyante ang lagay ng panahon sa buong taon, at tuklasin ang lupain sa campus/area.

Kapag kinokonsidera ang mga kondisyon ng lagay ng panahon, dapat tanungin ng mga estudyante:

- Ang area ba ay maraming snow/yelo at/o ulan?
- Nagiging masyadong mainit/humid pa sa area na ito?

Mahalagang maging makatotohanan sa posibleng mga hadlang sa pag-access

ng mga klase at serbisyo sa campus. Halimbawa, kung pinili ng estudyante ang paaralan na nasa area na madalas mag-snow, dapat rin nilang isaalang-alang ang panahon na ilalaan para suotin ang winter gear, at dapat silang makipag-ugnayan sa DSO para tanungin ang tungkol sa pag-aalis ng snow at mga serbisyo para sa accessible na transportasyon kapag hindi maganda ang lagay ng panahon. Ang ilang mga paaralan ay may underground na tunnel na ginagamit ng mga estudyate para makaikot-ikot, ang ibang mga paaralan ay magbibigay priyoridad sa pag-aalis ng snow na pumapalibot sa mga gusali kung saan alam nilang tinitirahan ng mga estudyanteng may kapansanan o kailangan ng access. Napakahalagang alamin kung ano dapat ang maasahan sa unang araw!

Ang iba pang konsiderasyon na may kaugnayan sa lagay ng panahon ay may kinalaman sa kakayahan ng estudyante na ma-regulate ang sarili nilang temperature. Kung piliin ng estudyante ang isang paaralan na nasa lugar na mainit, maaaring mahirap kapag sinusubukan na bumiyahe papunta sa klase. Dapat ikonsidera mga estudyante at pamilya ang lagay ng panahon/klima bilang factor sa pagpili ng kolehiyo, at talakayin ang kanilang mga pangangailangan sa DSO para makita kung may mga paraan para mabawasan ang mga ikinababahala.

Ang isa pang dapat ikonsidera ay ang lupain sa campus. Ang mabubundok na campus, o mga campus kung saan ang mga gusali ay malayo sa isa't isa, ay maaaring mas mahirap na ikutan kapag gumagamit ng wheelchair. Kung ang estudyante ay gumagamit ng manual na wheelchair, maaaring gusto nilang isipin kung ano ang mararamdaman nila makalipas na umikot-ikot sa campus. Kung kaya ng estudyante, dapat silang mag-tour sa campus bago mag-apply. Ang mga "makasaysayang" campus ay maaaring may brick o cobblestone na daanan, na maaaring mahirap ikutan, habang ang mas bago o nasasapanahong mga campus ay mayroong mas patag na daanan. Ang ilang mga kolehiyo ay naghahandog ng accessible na transportasyon (bus o golf cart) sa pagitan ng mga gusali. Dagdag pa dito, maaaring humiling ang estudyante ng pagpapalit ng classroom bilang accommodation. (Basahin ang "Accommodations" na seksyon)

## Layo mula sa Tahanan

Ang distansya ng kolehiyo mula sa bahay ay maaaring isang factor rin sa pagpili ng estudyante. Maaari itong maka-apekto sa maraming area ng buhay ng estudyante, kasama na ang medikal na paggagamot (mga doktor at therapist) at mga support structure.

Heto ang ilang mga tanong na dapat ikonsidera kapag iniisip ang mga medikal na implikasyon:

- Maipagpapatuloy ba ng estudyante ang access sa parehong mga doktor at espesyalista? Kung hindi, may mga doktor ba o espesyalista sa campus o malapit sa campus na maaari nilang maka-ugnayan?
- Makakatanggap ba ang estudyante ng mga serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan sa o malapit sa campus? Kung kailangan ng estudyante ang mga



serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan, mahalagang makipag-ugnayan sa counseling center ng kolehiyo para tanungin kung gaano kadalas at ilang beses matingnan dapat ang estudyante doon bago matutukoy ang mga ito bilang off-campus provider.

- Mayroon bang mga available na opsyon sa telehealth sa pamamagitan ng unibersidad o insurance?

Maaaring nais na kilalanin ng mga estudyante ang mga kolehiyo na may ospital sa loob o malapit sa campus, o pumili ng kolehiyo na malapit sa tirahan nila kung saan patuloy nilang makikita ang kasalukuyang nilang mga doktor.

Kailangan rin ikonsidera ng estudyante ang mga hakbang na gagawin nila sa kaganapan na masira ang kanilang chair, ang Personal Care Attendant (PCA) ay hindi dumating, o kung sa palagay nila na kailangan nila ng mas malaking suporta mula sa mga kaibigan at pamilya sa bahay. Heto ang ilang mga idea kung paano mabawasan ang mga posibleng isyu kung piliin ng estudyante ang isang paaralan na hindi malapit sa bahay:

- Matiyak ang isang lokal na kompanyang nag-aayos ng wheelchair. Maghanda na parating mayroong manual chair na magagamit kung posible.
- Isipin kung paano makakauwi pabalik ang isang estudyante Kailangan ba nila ng kotse sa campus (tala: maaaring hindi ito pahintulutan kung walang accommodation)? May iba pa bang accessible na transportasyon na magagamit ila para makauwi?
- Kilalanin ang sinumang mga kaibigan o kapamilya na maaaring malapit ang tirahan sa paaralan at handang tumulong kung may biglang lumabas na isyu.

## DISABILITY SUPPORT OFFICE (DSO)

Ang lahat ng kolehiyo ay may DSO o disability services coordinator. Ang pagkakaibang ito ay karaniwang depende sa laki ng paaralan. Ang DSO ay maaaring may ibang pangalan. Heto ang ilang mga halimbawa:

- Disabled Student Services
- Access Center
- Accessibility Services
- Disability Support Services
- Academic Resource Center

Ang tungkulin ng DSO at ng coordinator ay tiyakin na natutugunan ng kolehiyo ang kanilang obligasyon para makapagbigay ng access sa mga estudyante na may mga kapansanan alinsunod sa pederal na batas. Karaniwang kabilang dito ang:

- Pagpapasya sa "makatuwirang mga accommodation" para suportahan ang mga estudyante na may kapansanan
- Pagpapadali ng mga accommodation para sa mga estudyante na ma kapansanan

Maaaring kabilang din dito ang:

- Ang pagpapayo at training faculty at staff sa mga isyu na may kaugnayan sa kapansanan at mga accommodation
- Kikilos bilang mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong sa mga isyu na may kaunayan sa kapansanan sa iba pang mga department sa unibersidad
- Pagkakaloob ng suporta sa pag-aaral para sa mga estudyanteng may kapansanan at/o pangkalahatang populasyon ng mga estudyante

Dapat basahin ng mga estudyante at pamilya ang mission statement ng DSO para lubos na maunawaan ang mga tiyak na pamamalakad ng DSO ng kolehiyo sa kanilang tungkulin. Karaniwan itong matatagpuan online sa website ng DSO. Kung mapagpasyahan ng estudyante na sila ay interesado sa paaralan, makikipag-ugnayan dapat sila sa DSO bago mag-apply para makapag-set up ng isang appointment upang makapag-usap. Kung ay isang estudyante ay sasali sa isang in-person na tour, maaari silang makapag-schedule ng isang appointment sa parehong araw ng tour. Kung hindi, maaaring hilingin ng estudyante na makipag-usap sa isang counselor ng DSO sa pamamagitan ng telepono o video chat. Makakatulong na makipag-usap sa isang DSO bago mag-apply sa kolehiyo para maipagkumpara ng estudyante ang mga serbisyo at suporta na inihahandog ng iba't ibang mga kolehiyo. Dagdag pa dito, ang mga talakayan na ito ay maaaring makilala ng estudyante ang mga tao sa DSO, at tulungan sila sa pagpapasya kung nararamdaman nila na sila ay suportado na makipagtrabaho kasama ng mga counselor sa DSO ng kolehiyo na iyon.

Mahalagang maunawaan na ang DSO ay hiwalay mula sa admissions department. Ang impormasyon na maaaring ibahagi ng estudyante sa DSO bago matanggap sa paaralan at enrollment ay hindi binibahagi sa admissions department. Kaugnay nito, ang pagpapahiwatig ng isang kapansanan sa admissions department ay hindi awtomatikong ibinabahagi sa DSO. Panghuli, ang pagpapahayag ng kapansanan habang isinasagawa ang proseso ng admissions (kapag nag-a-apply sa paaralan) ay hindi mandatory o kailangang gawin.

## Habang nasa Parte ng Paghahanap ng Paaralan

Kapag ang isang estudyante na may paralysis at mga kahinaan sa pagkilos ay nakipag-ugnayan sa DSO, marahil na gustong tanungin ng DSO ang mga tiyak na accommodation at magkakaroon ng kamalayan sa tungkulin ng DSO at ng ipinagkakaloob nitong suporta sa nasabing kolehiyo. Ang antas ng suporta at pag-aalaga na ipinagkakaloob ang mga accommodation at pamamahala dito ay nag-iiba iba sa bawat kolehiyo. Mabuting pamamalakad para sa estudyante na maghanda sa pakikipag-usap sa DSO sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga tanong at posibleng accommodation bago makipagkita sa DSO counselor. Mahalagang isulat na ang mga accommodation ay gagamitin sa halos lahat ng yugto ng pagpasok sa kolehiyo. Kung ang kolehiyo ay naghahandog ng isang bagay sa pangkalahatang populasyon ng mga estudyante, dapat itong accessible sa lahat ng mga estudyante para umalinsunod sa mga pederal na batas.

## Pagkatapos ng Enrollment

Sa sandaling napapasok ang estudyante, may proseso sa pag-request ng mga accommodation sa kolehiyo. Hinihiling mula sa estudyante na "ipahayag ang sarili (self-disclose)" sa DSO. Maraming mga kolehiyo ang may online na proseso na humihiling ng mga accommodation, na maaaring ma-access sa pamamagitan ng website ng DSO. Sa ibang mga kolehiyo, ang proseso ng "self-disclosure" ay magsisimula sa estudyante sa pamamagitan ng pag-email sa DSO, o pagbisita sa tanggapan mismo at pakikipagkita sa isang counselor. Kailangang mapag-usapan ng estudyante ang kanilang (mga) kapansanan at magbigay ng dokumento tungkol sa kapansanan.

> **Alamin ang 'kailangan' mo na magpapahintulot na manatili kang malusog, matagumpay at mag-enjoy habang naka-enroll sa kolehiyo. Ang mga pangangailangan na ito para talakayin sa kolehiy omo ay maaaring makabilang ang mga caregiver, medikal na equipment, at accessible na pabahay."**
>
> ***— Taylor Price***
>
> *https://www.ChristopherReeve.org/blog/life-after-paralysis/the-path-to-employment-paved-with-dreams-choices-goal*

# MGA ACCOMMODATION

Sa ibaba ay makakakita ng listahan ng mga uri ng accommodation na dapat ikonsiderang tanungin ng mga estudyanteng may paralysis at mga kahinaan sa pagkilos sa DSO bago ang admission. Ang mga sagot ng DSO sa mga tanong ng estudyante ay maaaring makatulong sa proseso ng paghahanap ng kolehiyo ng estudyante. Maaari nilang piliin na hindi mag-apply, o pumasok sa isang partikular na paaralan kung alam nila na hindi nila makukuha ang mga accommodation at serbisyo na kailangan nila. Ang listahan ay sumasaklaw sa academic, pabahay, transportasyon, programmatic, at recreational na mga accommodation. Mahalagang tandaan na ang buhay sa campus ay hindi limitado sa classroom at residence hall at ang lahat ng mga area na ito ay saklaw sa ilalim ng pederal na batas. (Tala: maaaring may iba pang mga accommodation na dapat hilingin ng estudyante. Tiyakin na makipag-ugnayan sa mga therapist at counselor ng estudyante para malaman ang mga tiyak na pangangailangan ng estudyante).

## Mga Accommodation sa Classroom na Dapat Tanungin sa DSO:

- Priority Registration
  - Dahil maaaring mas matagal na maghanda ang isang estudyante sa umaga, at mas matagal bago makarating sa mga lugar sa campus, tanungin ang proseso sa pagkuha ng priority registration para mapahintulutan ang estudyante na piliin ang mga oras ng klase para mabigyan sila ng sapat na oras na makarating sa klase.
- Paglipat ng Lokasyon ng Classroom
  - May proseso ba para hilingin na ang mga klase ng estudyante ay nasa mga gusali na malapit sa isa't isa? Matitiyak mo ba na ang pinaka-accessible na lokasyon sa classroom (entry level floor, alinsunod sa ADA, madaling access) ay ikokonsidera para sa estudyante? Ang estudyante ba ay puwedeng bumisita sa mga lokasyon ng classroom bago ma-finalize ang schedule?
- Classroom Furniture
  - Ano ang proseso sa pag-request ng mga accessible na desk at naangkop na mga equipment sa classroom?
- Mga Alternatibong Format
  - Kung ang estudyante ay nangangailangan ng mga materyal para sa kurso sa PDF o screen reader enabled na format, at/o electronic na mgakopy ang mga textbook, tanungin
    kung paano pinapadali ng DSO ang proseso na ito.
- Kakayahan na Mag-rekord ng mga Lecture (Itinuro sa Paaralan)
  - Kung hindi kaya ng estudyante na mag-type/magsulat, maaaring kailangan nilang magsampa ng request ng kakayahang i-rekord ang mga lecture. Tanungin ang tungkol sa mga patakaran ng kolehiyo sa recording.
- Notetaker
  - Kung ang isang estudyante ay nangailangan ng tao para magtala sa kaniya,

ang kolehiyo ay gumagamit ba ng peer based (iba pang estudyante) na system, o kumukuha ba sila ng professional notetaker o assistive technology para magtala? Ano ang proseso sa pagtatala?

- Ability to Use Assistive Technology (AT)
  - Kung ang estudyante ay kailangang gumamit ng speech to text software para magsulat ng mga papeles at sumagot sa mga exam, may naihahandog ba ang paaralan na software? At, kung ang estudyante ay gumagamit ng AT habang may exam, paano ito gumagana?
- Dagdag na Oras
  - Maaaring kailangan ng mga estudyante ng karagdagang oras para makumpleto ang mga exam at gawain para sa kurso. Tanungin ang tungkol sa proseso sa paghiling ng dagdag na oras para sa mga gawain sa kurso at mga exam.

## Mga Accommodation sa Pabahay:

Ang mga estudyanteng may paralysis at mga kahinaan sa pagkilos na nais na tumira sa campus ay kailangang makipag-ugnayan sa DSO at housing department para maunawaan ang mga opsyon sa pabahay sa campus. Karaniwan, ang mga kolehiyo ay may proseso sa pagre-request ng mga accommodation sa pabahay na hiwalay mula sa request para sa accommodation sa pag-aaral. Ang mga request na ito ay karaniwang dapat gawin bago matapos ang buwan ng Mayo o umpisa ng Hunyo, sa summer bago ang unang taon ng estudyante. Sa karamihang mga kaso, ang mga request na ito ay tinatasa ng DSO at ng housing department. Mabuting ideya na gumawa ng listahan ng mga item na ang kakailanganin ng estudyante para matiyak na ang residence hall (dorm) room ay accessible sa kanila. Kung ang estudyante ay nasa parte ng paghahanap ng kolehiyo, maaari nilang tanungin kung posible na makita ang isang accessible na kuwarto kapag sila ay sumali sa campus tour. Kung hindi iyon posible, maaaring hilingin ng mga estudyante na makakita ng mga litrato ng mga accessible residence hall room, kasama na ang pasukan ng gusali at mga accessibility feature.

### Heto ang ilang mga accommodation na maaaring ikonsidera na hilingin ng mga estudyante:

- ADA accessible room: Ang “ADA accessibility” ay tumutukoy sa pagsunod sa teknikal na parte tulad nang naitakda sa ADA. Dapat na detalyado ang mga estudyante sa kanilang request at hilingin ang accessibility feature na angkop para sa kanila. Halimbawa, kung kailangan ng estudyante ang keyless entry (pagpasok ng di kailangan ng susi), sanhi ng mga kahirapan ng kamay, maaaring i-request ito ng estudyante. Ang ilang mga residence hall room ay may pribadong mga banyo at ang iba ay may shared na "community" na banyo. Kung kailangan ng estudyante ng pribadong banyo para madaling mapangalagaan ang kalinisan ng katawan at privacy, siguraduhin na hilingin rin ito. Maaari rin mag-request ang estudyante ng shower chair o dalhin nila mismo ang gamit nila. Sa pag-tour sa kuwarto o sa palipat dito, kung ang kuwarto ay hindi nakakatugon sa mga pangangailangan ng estudyante, kailangang sabihin ng estudyante sa DSO ang mga bagay-bagay na hindi angkop para sa kanila, para makahanap ng solusyon ang DSO.



- Lokasyon: Heto ang ilang mga konsiderasyon hinggil sa lokasyon. Ang ilang mga estudyante ay maaaring gusto na nasa mas babang floor sila o entry level na flow para mas madaling ma-access ang kanilang kuwarto at sa kaganapan ng isang emergency na evacuation. Dagdag pa dito, maaaring hilingin ng mga estudyate ang centralized na lokasyon sa campus o isang lokasyon na mapapalapit sila sa kanilang mga klase o sa dining hall.

- Residence Hall Furniture: Ang mga standard na residence hall ay karaniwang may kama, lamesa, at isang aparador/dresser. Kung kailangan ng estudyante ang isang accessible na lamesa  mga pagbabago sa espasyo (pagbababa ng mga clothing bar, pag-alis ng mga furniture, atbp.), ito ay isang accommodation na maaaring hilingin. Kung kailangan ng estudyante ang isang hospital bed, kailangan nilang hilingin na alisin ang kama sa residence hall Ang ilang mga kolehiyo ay maaaring magbigay ng mga hospital bed o equipment para malipat ang sarili, pero sa karamihang mga kolehiyo, ito ay pananagutan ng pamilya para bumili o magbigay ng sarili nilang hospital bed. Ang mga hospital bed ay minsan inaarkila mula sa lokal na health supply na kompanya.

- Personal Care Attendant (PCA): Sa ilalim ng Title II ng ADA, hindi hinihiling mula sa mga kolehiyo na magkaloob ng mga personal care na serbisyo bilang accommodation. Kung kailangan ng estudyante ng isang full time na PCA para sa pang-araw araw na pamumuhay at hygiene, kailangan na ang pamilya mismo

ang kumuha ng PCA. Karaniwan, papahintulutan ng mga unibersidad ang PCA na makihati ng kuwarto sa isang estudyante ng walang dagdag na singlin. Kung nais na sumali ng estudyante sa isang joined room (may kasama sa kuwarto) o anumang iba pang kaayusan, kailangan nila itong talakayin sa DSO at mga housing office. (Basahin ang seksyon sa Mga PCA)



## Mga Accommodation sa Transportasyon:

Maraming mga unibersidad ang naghahandog ng parehong sa loob at labas ng campus na mga shuttle at mga bus para sa mga estudyante para mapadali ang pagkilos sa campus, pahintulutan ang access sa mga pumapalibot na lungsod, at nagbibigay ng transportasyon papunta sa mga event sa labas ng campus. Ang mga estudyante na kailangan ng accessible na transportasyon ay dapat makipag-ugnayan sa DSO at magtanong sa accessibility ng transportasyon ng campus. Ang ilang mga paaralan ay naghahandog ng mga accessible na golf cart para suportahan ang transportasyon ng mga estudyante na may pisikal na kapansanan sa pag-ikot sa campus. Tanungin sa DSO ang mga uri ng accessible na transportasyon ang maaaring available.

## Mga Programmatic na Accommodation:

Ang mga estudyante na may kapansanan ay maaaring mag-request ng mga accommodation para makasali sa mga event sa campus. Ang isang paraan para matiyak kung ang pagiging accessible ng mga event sa campus ay isang priyoridad sa isang kolehiyo ay tingnan kung ang mga flyer ng event at mga promotion ay may pahayag ng accessibility na nagbibigay impormasyon sa mga tao kung kanino sila dapat makipag-ugnayan kung hangad nila ang isang accommodation. Maaaring hanapin ito ng mga estudyante kapag sila ay nasa in-person tour at tingnan sa campus events na seksyon sa website ng kolehiyo.

Ang karamihan, pero hindi lahat, ng mga kolehiyo ay nangangailangan ng mga accessibility statement para sa mga event sa campus. Ang ilang mga halimbawa ng mga ganitong uri ng accommodation ay kinabibilangan ng:

- Accessible seating at companion seating
- Preferential seating
- Pagsasagawa ng event sa isang accessible na lokasyon

### Mga Accommodation para sa Libangan:

Ang mga estudyante ay maaari rin mag-request ng mga accommodation na may kaugnayan sa campus recreation services at aktibidad (kasama ang mga club at sponsored ng paaralan na mga social activity). Kabilang dito ang access sa mga campus fitness center at student center (Basahin ang seksyon sa "Mga Aktibidad para sa Libangan at Mga Event sa Campus"). Habang ang mga gusali mismo ay hinihiling na umalinsunod sa ADA, madalas na hindi accessible ang mga espasyo, at hindi naghahandog ng mga paraan para ma-enjoy ng mga estudyanteng may kapansanan ang mga amenity at makisalimuho sa kanilang mga kasamahan.
Ang ilang mga halimbawa ng accommodation ay kinabibilangan ng:

- Accessible na changing area (lugar ng palitan)
- Pool chair lift
- Pag-aayos ng puwesto ng fitness center equipment para mapahintulutan ang access
- Adaptive fitness equipment
- Adaptive furniture
- Adaptive gaming equipment

## MGA PERSONAL CARE ATTENDANT (KATULONG SA PERSONAL NA PAG-AALAGA)

Ang mga estudyante na kailangan ng tulong sa pang-araw araw na pamumuhay, tulad ng paliligo, paggamit ng toilet, pagbibihis at iba pang personal na pag-aalaga ay kailangan ng patuloy na serbisyo ng isang Personal Care Attendant (PCA). Ang ADA, ang bagong batas na nagkakaloob ng "makatuwirang mga accommodation" sa kolehiyo at lugar ng trabaho, ay hindi hinihiling mula sa mga unibersidad na magbigay ng mga PCA (basahin pa ng higit ang tungkol dito sa "Auxiliary Aids and Services (Mga Pandagdag na Tulong at Serbisyo)" sa *https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/auxaids.html*). Ang mga DSO ay karaniwang may impormasyon sa patakaran ng PCA ng kolehiyo sa website nila. Tiyakin na balik-aralan ang patakaran. Ito ay marahil na may kasamang impormasyon sa pabahay, at impormasyon kung paano makakarehistro ang PCA sa unibersidad para may access sila sa residence hall. Ang mga patakaran ng kolehiyo kung ang PCA ay may access sa mga serbisyo sa campus tulad ng mga libary, mga fitness center, at dining hall kung hindi nila masasamahan



ang estudyante. Kung ang mga patakaran ng kolehiyo ay hindi kasama sa impormasyong ito, konsultahin ang DSO.

Ang mga estudyante na kailangan ng PCA ay may ilang mga opsyon. Maaari silang kumuha ng independiyenteng PCA, gumamit ng home-health agency para kumuha ng PCA, o kunin ang tulong ng kaibigan o miyembro ng pamilya bilang PCA Ang halaga ng PCA ay nag-iiba iba sa buong bansa. Kailangang ikonsidera ng mga pamilya ang kanilang mga opsyon, na maaaring kabilang ang: pribadong bayad, Medicaid, o insurance. Ang pinagkukuhanan ng tulong at impormasyon mula sa Family Caregiver Alliance ay nagbibigay ng mga detalye sa mga pros at cons ng bawat opsyon na nakabalangkas sa itaas, at binabalangkas ang mga panggabay na tanong para sa mga estudyante at pamilya na magagamit kapag nakikipanayam sa mga PCA : ***https://www.caregiver.org/hiring-home-help***.

Mula noong Hunyo 2020, mayroon lang dalawang kolehiyo sa Estados Unidos na may residential living programs na kinabibilangan ng mga PCA. Ang mga paaralan na iyon ay:

1. **Ang University of Illinois at Urbana-Champaign:** ***https://www.disability.illinois.edu/living-accommodations/beckwith-residential-support-services-nugent-hall***

**2. Wright State University sa Dayton OH:**
*http://www.wright.edu/diversity-and-inclusion/disability-services/personal-assistance-station*

Sa mga paaralan na ito, ang mga PCA ay karaniwang mga nursing na estudyante na nagtatrabaho bilang PCA para mapasulong ang kanilang edukasyon. Ito ay nangangahulugan na ang mga PCA ay karaniwang parehong edad ng mga estudyanteng sinusuportahan nila.

Kung ikinokonsidera ng estudyante ang paggamit ng ahensya para kumuha ng isang PCA, maaaring gusto nilang tanungin sa DSO kung may listahan sila ng lokal na mga home healthcare na ahensya. Kahit na hindi inirerekumenda ng mga kolehiyo ang isang partikular na ahensya, madalas ay may nakatabi silang listahan ng mga lokal na ahensya. Dapat rin hilingin ng mga estudyante sa DSO na i-ugnay sila sa sinumang mga estudyante na may mga PCA. Sa ganitong paraan, maaari silang magkaroon ng ideya kung paano magkaroon ng PCA sa campus. Minsan, maaaring makihati ng PCA ang mga estudyante (kung ang mga pangangailangan ay hindi nagkakapatong-pating o di magkakasalungat). Maaari rin piliin ng mga estudyante na kumuha ng ilang part-time na mga PCA, at madalas ay mapapadali nila ang pagkuha ng mga PCA na ito sa pamamagitan ng paaralan ng nursing o physical o occupational therapy na programa. May pros at cons sa pagkuha ng mga indibiduwal na PCA at sa paggamit ng isang ahensya. Mahalagang ikonsidera ang lahat ng mga posibilidad, kasama na ang posibleng mga hamon kasama na ang lahat ng mga opsyon.

May ilang mga bagay na magagawa ng mga estudyante para makapaghanda sa pagkuha ng isang PCA:

**1. Isulat ang mga pangangailangan sa pag-aalaga**

- Isulat ang lahat ng suporta na kailangan ng estudyante sa 24 oras simula sa oras ng pagising. Ito ay makakatulong kapag kumuha ng PCA para maunawaan nila ang mga pangangailangan at inaasahan. Maaaring kabilang dito ang pagbibihis, paglalaba, paglilipat, at pagkain.

**2. Isulat ang mga tiyak na instruction o tagubilin**

- Kung kailangan ng estudyante ng pangangalaga na technical o tiyak, magsulat ng step by step na proseso at/o gumawa ng isang video para magamit ng PCA. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng night time breathing machine, mga physical manipulation, at pamamahala ng medikasyon.

**3. Ikonsidera ang iba pang mga area kung saan maaaring kailangan ng estudyante ang suporta**

- Maaaring kailangan rin ng estudyante ng suporta sa mga bagay tulad ng paglalaba, pamimili ng grocery, at pakikisalimuho.

Ang pagsusulat ng mga bagay na ito ay magpapadali sa talakayanon sa PCA at makakatulong sa pagbibigay ng malilinaw na inaasahan.

> **Bilang isang undergraduate sa University of Albany, lubos akong umasa sa Office of Disabled Student Services at sa aking Vocational Rehabilitation na counselor. Tumulong sila sa paggabay sa akin sa isang larangan ng pag-aaral kung saan magsisikap ako at magpapatuloy akong payuhan, kahit sa una kong trabaho”**.
>
> ***– Sheri Denkensohn-Trott***
>
> *https://www.ChristopherReeve.org/blog/life-after-paralysis/finding-employment-where-you-will-thrive*

## MGA AKTIBIDAD NA PANLIBANG AT MGA EVENT SA CAMPUS

Ang mga estudyanteng may paralysis at kahinaan sa pagkilos ay mahilig magsaya at mag-ehersisyo tulad ng mga kasamahan nilang walang kapansanan. Kung ang estudyante ay interesado sa sports, fitness, recreation, at mga event sa campus, heto ang ilang mga bagay na dapat nilang malaman. Una, ang parehong ADA at Section 504 ay may mga tadhana o kondisyon para sa mga "auxiliary aids," na nangangahulugan na responsibilidad ng kolehiyo na magkaloob ng mga tulong, kasama na ang specialized gym equipment, mga interpreter, closed captioning, at marami pang iba. Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa link na ito. Ikalawa, para matanggap ang mga tulong na ito, kailangang sundin ng mga estudyante ang proseso na mag-request ng accommodation. Karaniwang nag-uumpisa ito sa DSO, pero marahil na kasama ang iba pang mga department sa campus.

### Sports at Fitness

Ang mga estudyante na hanap na maglaro ng collegiate adaptive sports sa intercollegiate o club level ay maaaring gustong malaman kung aling mga paaralan ang may handog ng ganitong mga program. Maaaring mapanghamon na maghanap ng up-to-date na listahan ng mga programa dahil walang namamahalang lupon. Heto ang ilang mga mapagkukuhanan ng impormasyon na makakatulong sa paghahanap:

1. **American Collegiate Society of Adapted Athletics (ACSAA): Mga Kolehiyo/Unibersidad na Naghahandog ng Adapted Sports**
2. **GRIT: Collegiate Adaptive Sports Guide**
3. **AbleThrive: 21 Kolehiyo na may Adaptive Sports Programs**




Kung interesado ang mga estudyante sa isang partikular na sport, mainam na makipag-ugnayan sa athletics department ng kolehiyo at DSO para sa karamihan ng kasalukuyang impormasyon.

Kung hangad ng estudyante na mag-work out sa campus, baka gusto nilang tingnan ang campus fitness center ng personal.

Kahit na ang fitness center ay kailangan na umalinsunod sa ADA hindi ito nangangahulugan na magagamit ito sa bawat estudyante na may kapansanan.

Heto ang ilang mga konsiderasyon kapag nag-tour o nagtanong tungkol sa fitness center:

- Lokasyon:
  - Kaya bang mapuntahan ng estudyante ang lokasyon ng mag-isa?
- Workout Equipment
  - Mayroon bang adaptive workout equipment ang pasilidad?
  - May sapat bang espasyo sa palibot ng equipment para maikilos ang anumang mga aid o pantulong na kailangan ng estudyante (hal. : isang wheelchair, cane, o iba pang support device)?
- Locker Rooms
  - Mayroon bang accessible na changing room?
  - May accessible bang shower at toilet?
- Pool
  - Ang pool ba ay may chair lift at sanay ba ang lahat ng staff na gamitin ito?
- Fitness Classes
  - May adaptive fitness class ba ang pasilidad?
  - Ang mga instructor ba ay sanay na baguhin ito batay sa iba't ibang mga kakayahan?

Kung may isang bagay na kailangan ng estudyante para makapag-workout, maaaring hilingin ng estudyante ang accommodation sa pamamagitan ng DSO. Marahil na makikipagtulungan ang DSO sa campus recreation department na makakapagbigay ng makatarungang accommodation.



## Mga Event Sa Campus

Ang kolehiyo ay isang panahon kapag ang mga estudyante ay may access sa maraming uri ng nakaka-engganyong aktibidad tulad ng mga concert, speaker, at sporting event. Sa kasamaang palad, ang accessibility ay hindi parating priyoridad kapag pinaplano ang mga event sa campus. Maaaring gustong tiyakin ng estudyante na may patas na access sa lahat ng mga event na inihahandog ng kolehiyo. Ang ilang mga kolehiyo ay mayroong kasama nang proseso ng mga accommodation sa lahat ng kanilang mga event sa campus (athletics, mga student group, speakers, atbp.) at kailangan ng "accessibility statement" sa lahat ng mga advertisement, habang ang ibang mga kolehiyo ay hindi nangangailangan ng impormasyon para sa mga taong hangad ang mga accommodation na maisama sa mga advertisement ng event. Ang "pahayag ng accessibility" ay nagbibigay sa estudyante na hangad ang accommodation ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa tao o department na namamamahala ng event at pinapahintulutan ang estudyante na mag-request ng accommodation. Kapag ang "mga pahayag ng accessibility" ay wala sa mga advertisement ng event, ito ay nagpapabigat sa estudyante na maaaring kailangan ng accommodation para makasali upang matagpuan ang organizer at ipaliwanag ang pangangailangan nila ng accommodation. Kapag ang estudyante ay nag-tour sa isang campus, maaari silang maghanap ng mga flyer para sa mga event at tingnan kung mayroon silang "pahayag sa accessibility". Ang parehong aktibidad ay maisasagawa online sa pamamagitan ng pagtingin sa kalendaryo ng mga event ng nakaraang taon at pagpili sa mga indibiduwal na event para makita kung may paraan para makapag-request ng mga accommodation para sa mga dumalo. Ang mga estudyante na may kailangan ng accommodation (preferential seating, accessible seating, access sa PCA, accessible na transportasyon) dapat rin tanungin ang DSO tungkol sa proseso ng kolehiyo sa pag-request ng mga accommodation sa mga event sa kolehiyo.

## Bilang Pagwawakas

Sa mga tamang istruktura, suporta, at accommodation, ang mga estudyanteng may paralysis at kahinaan sa pagkilos ay maaaring magtagumpay sa kolehiyo. Ang paggamit ng mga konsiderasyon na naibalangkas sa dokumentong ito ay makakatulong na mabawasan ang ilang mga isyu na maaaring harapin ng mga estudyanteng may paralysis at kahinaan sa pagkilos
kapag nasa kolehiyo.



Litrato ni Louie Favorite, Mula sa Shepherd Center

## MGA PINAGKUKUHANAN NG TULONG AT IMPORMASYON

Kung kayo ay naghahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-transisyon sa kolehiyo habang may paralysis o may partikular na tanong, ang Reeve Foundation information specialists ay handang makausap tuwing Lunes hanggang Biyernes na may pasok sa trabaho, toll-free sa numero 800-539-7309 mula 9am hanggang 5pm ET.

**Ang Reeve Foundation ay naghahandog ng komprehensibong mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong at mga booklet sa daan-daang mga paksa na may kaugnayan sa pamumuhay nang may paralysis, kabilang na ang:**

Christopher & Dana Reeve Foundation: Choosing a College to Best Fit Your Child's Needs blog ***https://www.ChristopherReeve.org/living-with-paralysis/for-parents/higher-education***

Christopher & Dana Reeve Foundation: College During the Coronavirus blog by Ian Malesiewski ***https://www.ChristopherReeve.org/blog/life-after-paralysis/college-during-the-coronavirus***

Christopher & Dana Reeve Foundation: Fact sheet on Education for People with Disabilities: ***https://s3.amazonaws.com/reeve-assets-production/Education-for-PWD-8-20.pdf***

Christopher & Dana Reeve Foundation: Selecting and Hiring a PCA: ***https://www.ChristopherReeve.org/blog/daily-dose/electing-and-hiring-a-pca***

**Mga karagdagang mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong sa pag-transisyon sa kolehiyo habang may paralysis:**

Accessible College: ***https://accessiblecollege.com***

Ang Accessible College ay may one-on-one na konsultasyon sa mga estudyante na may pisikal na kapansanan at mga kondisyon sa kalusugan at ang kanilang mga pamilya na nakatuon sa kanilang transisyon sa kolehiyo at pagtitiyak sa mga kailangang accommodation sa kolehiyo. Sponsor ang Reeve Foundation sa limitadong bilang ng mga konsultasyon sa Accessible College kaya't walang singilin sa estudyante o sa pamilya nila para sa nasabing serbisyo. Mangyaring tumawag sa 1-800-539-7309 at maghanap ng isang Reeve Information Specialist para masimulan ang paggamit ng offer na ito.

AbleThrive: 21 Colleges with Adaptive Sports Programs: ***https://ablethrive.com/activities/21-colleges-adapted-sports-programs***

American Collegiate Society of Adapted Athletics (ACSAA): ***https://www.acsaaorg.org/resources.php***

Family Caregiver Alliance: Hiring In-Home Help: ***https://www.caregiver.org/hiring-home-help***

FinAid: Financial Aid for Students with Disabilities
Maraming mga scholarship para sa mga estudyanteng may kapansanan at pati na rin mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong hinggil sa pinansiyal na tulong ***https://finaid.org/otheraid/disabled***

GRIT: College Adaptive Sports Guide: ***https://www.gogrit.us/news/2015/12/14/the-complete-guide-to-collegiate-adaptive-sports***

Shepherd Center: University Accessibility: Isang video na tumatagal ng 12 minuto na itinataguyod ang ideya na ang edukasyon ay maaaring magpatuloy kahit makalipas ang isang spinal cord injury. Ang mga kolehiyo ay may disability resource office na makakatulong sa mga estudyante na may kapansanan na makaikot-ikot sa kolehiyo.
***https://www.youtube.com/watch?v=qF59-wfnl2A&feature=youtu.be***

University of Illinois at Urbana-Champaign's Division of Disability Resources and Educational Services (DRES)/Beckwith Residential Support Services (BRSS): ***https://www.disability.illinois.edu/living-accommodations/beckwith-residential-support-services-nugent-hall***




U.S. Department of Education: Pandagdag na Tulong at Serbisyo para sa Postsecondary na Estudyanteng May Kapansanan: ***https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/auxaids.html***

Wright State's Office of Disability Services: Personal Assistance Station: ***http://www.wright.edu/diversity-and-inclusion/disability-services/personal-assistance-station***

CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION

TODAY'S CARE. TOMORROW'S CURE.®

**Naririto kami para tumulong.**

Higit pang pag-alaman ito ngayon!

**Christopher & Dana Reeve Foundation**
636 Morris Turnpike, Suite 3A
Short Hills, NJ 07078
(800) 539-7309 toll free
(973) 379-2690 telepono
ChristopherReeve.org

Ang proyektong ito ay sinuportahan, sa isang bahagi ng grant number 90PRRC0002,mula sa U.S. Administration for Community Living, Departmentof Health and Human Services, Washington, D.C. 20201. Ang mga tumanggap ng grant na nagpapatupad ng mga proyekto sa ilalim ng sponsorship ng gobyerno ay hinihikayat na malayang ipahiwatig ang kanilang mga natuklasan at mga konklusyon. Ang mga pananaw o opinyon ay hindi, samakatuwid, kumakatawan sa opisyal na Administration for Community Living policy.